

DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-9
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (Para sa may Mahinang Pandinig)
(916) 654-1958



Oktubre 31, 2018

PARA SA: EXECUTIVE NA DIREKTOR NG SENTRONG PANLALAWIGAN

PAKSA: MGA REGULASYON SA MGA SERBISYO SA TAHANAN AT KOMUNIDAD -
PAGPOPONDO NG PROVIDER PARA SA MGA AKTIBIDAD SA
PAGSUNOD

Noong Enero 2014, ang pederal na mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid ay naglabas ng mga panghuling regulasyon, o mga tuntunin para sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS). Hinihiling ng mga tuntunin na ang mga programa ng HCBS na pinopondohan sa pamamagitan ng Medicaid (tinatawag na Medi-Cal sa California) ay bigyan ang mga indibiduwal na may mga kapansanan ng kumpletong access sa mga benepisyo ng paninirahan sa komunidad at magbigay ng mga serbisyo at suporta sa mga setting na isinasama sa komunidad. Maaaring kasama rito ang mga pagkakataong maghanap ng trabaho sa mga setting na mapagkumpitensiya at isinasama, kontrolin ang mga personal na mapagkukunan, at sumali sa komunidad sa parehong antas bilang mga indibiduwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo ng panlalawigang sentro. Nakatuon ang mga tuntunin ng HCBS sa katangian at kalidad ng mga karanasan ng mga indibiduwal at hindi lamang ang mga setting kung saan ibinibigay ang mga serbisyo.

Bilang pagkilala na ang ilang tagabigay ng serbisyo ay kailangang gumawa ng mga hakbang sa pagbabago ng kanilang mga serbisyo para sumunod sa mga tuntunin ng HCBS bago ang Marso 2022, ang 2018 na Batas para sa Budget (SB 840, Kabanata 29, 2018 na Batas para sa Budget) ay naglalaman ng \$15 milyon para pondohan ang mga kinakailangang pagbabago. Kalakip ang Mga Alituntunin ng HCBS sa Pagpopondo ng Provider bilang Pagsunod para sa Taon ng Pananalapi na 2018-19 ng Department of Developmental Services (Kagawaran) para sa mga sentrong panlalawigan at mga nagbibigay ng serbisyo na gustong mag-apply para sa pagpopondo. Ipo-post ng Kagawaran ang sulat na ito at ang Mga Alituntunin sa website nito. Ang mga sentrong panlalawigan ay dapat ibahagi ang Mga Alituntunin sa mga tagabigay nito ng serbisyo at sa komunidad.

Magsasagawa ang Kagawaran ng dalawang isang oras na mga webinar para suriin ang proseso ng pag-aapply para sa pagpopondo at sasagutin ang mga tanong. Ang mga webinar ay gaganapin sa Huwebes, Nobyembre 15, 2018, mula 3:30 p.m. - 4:30 p.m. at Lunes, Nobyembre 26, 2018, mula 11:00 a.m. - 12:00 p.m.

Para magparehistro para sa alinman sa mga webinar na nasa itaas, sundin ang mga instruksiyon na makikita sa www.dds.ca.gov/HCBS.

“Bumubuo ng Mga Samahan, Sinusuportahan Ang Mga Pagpipilian”

Mga Executive na Direktor ng
Sentrong Panlalawigan Oktubre 31,
2018
Pahina dalawa

Umaasa kaming makipagtulungan sa prosesong ito habang patungo kami sa pagtugon ng mga tuntunin ng HCBS. Mangyaring idirekta ang anumang tanong tungkol sa sulat na ito sa HCBSregs@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Orihinal na pinirmahan ni:

BRIAN WINFIELD Deputy na Direktor ng Sangay ng Mga Serbisyo sa Komunidad

Kalakip

kopya: Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Panlalawigan
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panlalawigan Mga
Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong
Panlalawigan Mga Tagasuri ng Programa ng HCBS sa
Sentrong Panlalawigan Samahan ng Mga Ahensiya ng
Sentrong Panlalawigan Nancy Bargmann, Kagawaran ng
Mga Serbisyo sa Mga May Kapansanan John Doyle,
Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Mga May Kapansanan
Jim Knight, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Mga May
Kapansanan